



🌐 www.k2csf.org

✉ k2c@sfgov.org

☎ 3-1-1 (in San Francisco)
or 415-701-2311

KINDERGARTEN TO COLLEGE (K2C) MGA PANUNTUNAN NG PROGRAMA

Epektibo simula Setyembre 2021

PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROGRAMA

Ang mga Kindergarten to College (“K2C” o “K2C Program”) account ay mga savings account na pandeposito lamang na binubuksan at pinapanatili ng Lungsod at County ng San Francisco (“ang Lungsod”) upang matulungan ang mga mag-aaral na nakatala sa mga nakikilahok na paaralan at baitang ng San Francisco Unified School District (“SFUSD”) na makaipon para sa kolehiyo o iba pang edukasyon pagkatapos ng sekondarya. Maaaring maghulog sa account ng mag-aaral ang mag-aaral, kanyang mga kapamilya, at mga kaibigan.

Pinapanatili ng Lungsod ang mga K2C account sa Citibank, N.A. (“Citibank”). Lumalaki ang mga account sa pamamagitan ng mga kontribusyon, regalo, insentibo, at scholarship. Maaaring suriin ng mga mag-aaral at ng kanilang magulang/tagapag-alaga ang balanse at kasaysayan ng transaksyon ng kanilang K2C account online sa www.k2csf.org. Ang mga kalahok ng K2C na maglilipat ng pera sa isang 529 ScholarShare Account ay kinakailangang i-link ang kanilang ScholarShare Account sa online portal (“Outcome Tracker”) ng K2C upang patuloy na makapagbigay ang K2C ng impormasyon at suporta sa iyo.

Maaaring magpadala ang K2C ng komunikasyong nauugnay sa account at programa para sa mag-aaral, pati na rin sa magulang/legal na tagapag-alaga, sa pamamagitan ng sulat, telepono, email, o text.

MGA KONTRIBUSYON AT REGALO

Ang kontribusyon ay isang deposito ng mga pondo sa K2C account ng isang mag-aaral, kapamilya, kaibigan, o iba pang tao para mapakinabangan ng mag-aaral. Inilalagay ang mga kontribusyon sa K2C account ng mag-aaral at maaaring mabilang para sa mga insentibong may kaugnayan sa pag-iipon.

Ang regalo ay isang deposito ng mga pondo na inilalagay ng K2C Program sa K2C account ng mag-aaral sa ngalan ng isang ikatlong partido, tulad ng isang kumpanya, at hindi ito kwalipikadong mabilang para sa mga insentibong may kaugnayan sa pag-iipon.

Ang kabuuang kontribusyon at regalo na ihuhulog ng mag-aaral, kapamilya, at kaibigan ay hindi maaaring humigit sa \$35,000. Ang mga pondong lalampas sa maximum sa lifetime na ito ay ibabalik sa nakatalang address. Ang mga aktibong kalahok na may mas mataas na balanse o na malapit nang magtapos ay lubos ding hinihikayat na magbukas ng California 529 ScholarShare Account.

MGA INSENTIBO AT SCHOLARSHIP

Kabilang sa mga insentibo ang \$50 na inilalagay ng Lungsod at County ng San Francisco sa pagbubukas ng bawat K2C account at maaari din itong igawad para sa pagtugon sa mga partikular na layunin sa pag-iipon o iba pang nakamit. Tingnan ang www.k2csf.org para sa mga pinakabagong insentibong iniaalok at kaugnay na petsa sa bawat taon ng paaralan.

Ang mga scholarship ay maaari ding igawad ng K2C o sa ngalan ng isang ikatlong partido, na madalas ay para sa pakikilahok sa mga paligsahan at aktibidad, batay sa pagpopondo, pagiging kwalipikado, at mga layunin. Tingnan ang www.k2csf.org para sa mga available na umiiral na oportunidad.

Maaari lamang makatanggap ng mga insentibo at scholarship habang nakatala ang mag-aaral sa isang kwalipikadong paaralan o programa ng SFUSD. Ang lahat ng insentibo at scholarship ay nakadepende sa kondisyon ng pagpasok ng mag-aaral sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya. Kung ipapasara ang K2C account ng mag-aaral o kung hindi natugunan ang mga kinakailangan sa pakikilahok, maaaring mawala at ibalik sa K2C Program ang anumang insentibo o scholarship na iginawad.

MGA PAGBABAYAD NG K2C PARA SA MAS MATAAS NA EDUKASYON

Kapag handa na ang mag-aaral na gamitin ang kanyang pondo sa K2C para sa mga gastusin sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya, dapat bisitahin ng mag-aaral ang K2CSF.org o makipag-ugnayan sa K2C sa k2c@sfgov.org para kumpletuhin ang kahilingan para sa pagbabayad ng mga pondong may kaugnayan sa mas mataas na edukasyon. Kung hindi kumuha ang mag-aaral ng edukasyon pagkatapos ng sekondarya bago lumipas ang edad na 25, ang lahat ng kontribusyon at regalo ay ibibigay ng K2C sa mag-aaral; ang lahat ng insentibo at scholarship ay ibabalik sa K2C Program. Ang mga mag-aaral na naglilingkod sa isang programa ng pambansang serbisyo, tulad ng US Military, Peace Corps o AmeriCorps, ay maaaring ipagpaliban ang pagtanggap ng kanilang pondo nang isang taon para sa bawat taon ng serbisyo, nang hindi lalagpas sa limang taon o hanggang sa edad na 30.



🌐 www.k2csf.org

✉ k2c@sfgov.org

☎ 3-1-1 (in San Francisco)
or 415-701-2311

PAGLIPAT NG MGA KONTRIBUSYON AT INSENTIBO SA 529 SCHOLARSHARE ACCOUNT NG CALIFORNIA

Simula Setyembre 2021, pinahihintulutan ng K2C ang mga paglipat ng mga kontribusyon at anumang nakuhang insentibo ng mag-aaral sa isang California 529 ScholarShare account. Para sa mga kalahok ng K2C na nananatiling nakatala sa SFUSD, dapat panatilihin ang minimum na \$10 na halaga ng mga kontribusyon para mapanatiling aktibo ang K2C account, mapanatili ang anumang nakuhang insentibo at manatiling kwalipikado para sa mga insentibo sa hinaharap. Kung wala ang minimum na balanse na \$10 na halaga ng mga kontribusyon, maaaring isara ang K2C account at mawala ang anumang nakuhang insentibo.

PAG-WITHDRAW NG MGA KONTRIBUSYON MULA SA K2C PARA SA MGA MAG-AARAL NA NAKATALA SA SFUSD PARA SA MGA ESPEYAL NA SITWASYON TULAD NG PINANSIYAL NA PAGHIHIRAP

Kahit na ang K2C ay isang programa sa savings account ng bata na pandeposito lamang at ang perang naipon at anumang insentibong natanggap ay dapat na gamitin para sa mga gastusing may kaugnayan sa kwalipikadong mas mataas na edukasyon, maaaring kailangang i-access ng mga kalahok ang mga pondo na inilagay nila bilang kontribusyon sa mga espesyal na sitwasyon tulad ng pinansiyal na paghihirap o kagustuhang ilipat ang pera sa isang pang savings account sa kolehiyo (hal., 529 account na iba sa CA ScholarShare). Mula sa umpisa ng programa, pinapayagan na ng K2C ang mga pang-emergency na pag-withdraw, at simula noong pandemyang COVID-19 ay nag-alok ito ng higit na kakayahang umangkop sa mga pag-withdraw, kabilang ang pagbibigay ng mga tsekeng nakapangalan sa mag-aaral, at paminsan-minsan, pangangasiwa ng direktang bank transfer.

Maaaring i-withdraw ng mga kalahok na mag-aaral na nasa edad 18+ o ng magulang/tagapag-alaga ng menor de-edad na mag-aaral ang ilan o lahat ng kontribusyon at regalo sa K2C account ng mag-aaral sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa K2C sa k2c@sfgov.org at pagkumpleto ng form sa pag-withdraw. Dapat na manatili sa K2C account ang mga insentibo at scholarship para sa paggamit sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya. Dapat panatilihin ang minimum na \$10 na halaga ng mga kontribusyon para mapanatiling aktibo ang K2C account, mapanatili ang anumang nakuhang insentibo at manatiling kwalipikado para sa mga insentibo sa hinaharap. Kung wala ang minimum na balanse na \$10 na halaga ng mga kontribusyon, maaaring isara ang K2C account at mawala ang anumang nakuhang insentibo.

Ipoproseso ng K2C ang hiniling na pag-withdraw sa lalong madaling panahon, ngunit maaaring umabot ang proseso nang hanggang 30 araw.

AWTOMATIKONG ISASARA ANG MGA K2C ACCOUNT PARA SA MGA HINDI MAG-AARAL NG SFUSD

Simula Setyembre 2021, ang mga mag-aaral na aalis sa SFUSD o umalis dati ay hindi na kwalipikado para mapanatili ng account sa K2C. Maaaring piliin ng mga kalahok na mag-aaral na may edad 18+ o magulang/tagapag-alaga ng menor de-edad na mag-aaral na ilipat ang kanilang mga kontribusyon, kasama ang anumang insentibo o scholarship, sa isang California 529 ScholarShare account. Bilang alternatibo, maaari nilang hilingin ang balanse ng mga kontribusyon lamang sa anyo ng tsekeng nakapangalan sa menor de-edad na bata o bank transfer. Babalik ang anumang insentibo o scholarship sa programa maliban kung ililipat ang mga ito sa isang California 529 ScholarShare account. Ang anumang kontribusyon at regalo na hindi pa nabalik sa kalahok pagkatapos ng isang taon (mas mababa sa \$15 na balanse) o tatlong taon (higit sa \$15 na balanse) ay ie-escheat (ibabalik) sa Lungsod.

MGA BOLUNTARYONG KAHILINGAN SA PAGSASARA NG ACCOUNT PARA SA MGA NANANATILING NAKATALA SA SFUSD

Maaaring boluntaryong piliin ng mga kalahok ng K2C na nananatiling nakatala sa SFUSD na isara ang kanilang K2C account. Kung may anumang kontribusyon ang isang mag-aaral sa kanyang K2C account, maaaring piliin ng mga mag-aaral na may edad 18+ o magulang/tagapag-alaga ng menor de-edad na mag-aaral na ilipat ang kanilang mga kontribusyon, kasama ang anumang insentibo o scholarship sa isang California 529 ScholarShare account. Bilang alternatibo, maaaring hilingin ng magulang/tagapag-alaga ang balanse ng mga kontribusyon lamang sa anyo ng tsekeng nakapangalan sa menor de-edad na bata o bank transfer.

Babalik ang anumang insentibo o scholarship sa programa maliban kung ililipat ang mga ito sa isang ScholarShare 529. Ang anumang kontribusyon at regalo na hindi naibalik sa kalahok pagkatapos ng isang taon (mas mababa sa \$15 na balanse) o tatlong taon (higit sa \$15 na balanse) ay ie-escheat (ibabalik) sa Lungsod.

Maaaring magbago ang mga panuntunan ng K2C program. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa K2C program, pumunta sa www.k2csf.org.

www.k2csf.org

Ang K2C, K2C Kids to College (logo), Kids to College, at Kids 2 College (logo) ay mga nakarehistrong marka ng serbisyo ng The Sallie Mae Fund, isang pangkawanggawang organisasyong itinataguyod ng Sallie Mae, Inc. Ang The Sallie Mae Fund, kabilang ang parent, mga kaanib, at mga subsidiyaryo nito, ay hindi kaanib ng Kindergarten to College Program ng Lungsod at County ng San

Francisco. Bisitahin ang TheSallieMaeFund.org upang matuto pa.